## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Matututuhan mo sa modyul na ito ang tungkol sa ating mga pambansang bayani gayundin ang kanilang mga dakilang ginawa para sa atin at sa ating bansa. Malalaman mo rin dito ang tungkol sa kanilang buhay.

Ito ay nahahati sa dalawang aralin:

Aralin 1 — *Ang Ating mga Pambansang Bayani*

Aralin 2 — *Maging Bayani Ka Ngayon!*

## Anu-ano ang Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, magagawa mo nang:

- matukoy ang karamihan, kundi man ang lahat ng mga pambansang bayani gayundin ang ilan sa mga lokal na bayani sa inyong sariling pamayanan; at
- makakuha ng ideya upang maging katulad ng mga bayaning labis mong ipinagmamalaki.



## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago mo simulang pag-aralan ang modyul na ito, sagutin mo muna ang simpleng pagsusulit na ito upang matuklasan kung ano na ang alam mo tungkol sa paksa.

Itambal ang hanay **A** sa hanay **B.** Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| ____ 1. Jose Rizal | a. Isa siya sa mga nagtatag ng Kilusang Propagandista. |
| ____ 2. Andres Bonifacio | b. Siya ang ating pambansang bayani. |
| ____ 3. Emilio Aguinaldo | c. Siya ang kauna-unahang babae na nakilahok sa sanduguan. |
| ____ 4. Melchora Aquino | d. Itinatag niya ang Katipunan. |
| ____ 5. Benigno Aquino, Jr. | e. Pinamunuan niya ang pinakamahabang pag-aalsa sa Pilipinas. |
| ____ 6. Emilio Jacinto | f. Idineklara niya ang kasarinlan ng Pilipinas sa Kawit, Cavite. |
| ____ 7. Apolinario Mabini | g. Sila ang tatlong paring ginarote sa Bagumbayan, Manila. |
| ____ 8. Gregorio del Pilar | h. Nagbigay sila ng pagkain, silungan at iba pang materyal na bagay na kailangan ng mga Katipunero. |
| ____ 9. Lapu-lapu | i. Napatay niya si Ferdinand Magellan sa isang labanan. |
| ____ 10. GOMBURZA | j. Siya ay pinaslang sa Manila Internatinal Airport noong 1983. |
| | k. Siya ay kilala bilang "Bayani ng Pasong Tirad." |

____ 11. Diego Silang

____ 12. Trinidad Tecson

____ 13. Graciano Lopez-Jaena

l. Siya ay kilala bilang “Utak ng Katipunan.”

m. Siya ay kilala bilang “Utak ng Rebolusyon.”

n. Ipinaglaban niya ang mga karapatan ng mga Pilipinong manggagawa sa ibang bansa.

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 36.

Kung tama lahat ang iyong sagot, napakahusay! Nagpapakita ito na marami ka nang nalalaman tungkol sa paksa. Maaari mo pa ring pag-aralan ang modyul upang mapagbalik-aralan ang iyong mga nalalaman. Malay mo may matutuhan ka pang ilang mga bagay.

Kung mababa ang nakuha mong iskor, huwag mag-alala. Ang ibig sabihin nito ay para sa iyo ang modyul. Makatutulong ito sa iyo na maunawaan ang mga mahahalagang konsepto na maaari mong magamit sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay. Kung masusi mong pag-aaralan ang modyul na ito, malalaman mo ang mga sagot sa pagsusulit at marami pang iba! Handa ka na ba?

Ilipat sa susunod na pahina upang simulan ang Aralin 1.

# ARALIN 1

# Ang Ating mga Pambansang Bayani

Nasaksihan ng ating bansa ang pakikipaglaban ng mga kapwa natin Pilipino para sa pagkakapantay-pantay at kalayaan. Sila ang mga lalaki, babae, bata at matanda na nagbuhos ng kanilang dugo, pawis at luha upang makamit ang kalayaan.

Sa araling ito ay matututuhan mo ang tungkol sa ilan sa ating mga pambansang bayani na nakipaglaban para sa ating kalayaan.




## Pag-isipan Natin Ito

Ilan sa ating mga bayani ang kilala mo? Lagyan ng tsek (4) ang pangalan ng mga bayani na pamilyar sa iyo sa talaan sa ibaba. Pagkatapos, kumuha ng isang pirasong papel at sumulat ng tungkol sa mga bayaning nilagyan mo ng tsek sa talaan. Maaari kang sumulat ng isang parirala o isang maikling pangungusap tungkol sa kanya.


______1. Emilio Aguinaldo
______2. Melchora Aquino
______3. Mariano Gomez
______4. Jacinto Zamora
______5. Graciano Lopez-Jaena
______ 6. Apolinario Mabini
______ 7. Diego Silang
______ 8. Emilio Jacinto
______ 9. Benigno Aquino, Jr.
______10. Andres Bonifacio
______11. Jose Burgos
______12. Emilio Jacinto
______13. Lapulapu
______14. Jose Rizal
______15. Trinidad Tecson

Kung nilagyan mo ng tsek ang lahat ng mga pangalan sa talaan at tama ang iyong isinulat tungkol sa mga bayaning iyon, napakahusay. Ipagpatuloy ang iyong pagbabasa upang malaman kung tama ang iyong isinulat tungkol sa kanila.




## Alamin Natin

Ang sumusunod ay talaan ng mga pinakakilalang bayaning Pilipino at ang kanilang mahahalagang kontribusyon sa ating bansa.




Si **Heneral Emilio Aguinaldo** ang kauna-unahang pangulo ng Pilipinas. Ipinahayag niya ang kasarinlan ng Pilipinas noong Hunyo 12, 1898 sa kanyang tahanan sa Kawit, Cavite.



Si **Benigno Aquino, Jr.** ay mas kilala bilang "Ninoy." Nilabanan niya ang diktaturya at pang-aabuso ng kapangyarihan ng rehimeng Marcos. Siya ay pinaslang sa Manila International Airport (ngayon ay Ninoy Aquino International Airport) noong Agosto 21, 1983. Ang pangyayaring ito ay humantong sa pag-aalsa ng mga Pilipino laban sa rehimeng Marcos.





Si **Melchora Aquino** ay mas kilala bilang "Tandang Sora." Binigyan niya ang mga Katipunero ng pagkain, masisilungan at iba pang materyal na bagay noong panahon ng rebolusyon. Siya ay kilala rin bilang "Dakilang Babae ng Rebolusyon" at "Ina ng Balintawak."



Itinatag ni **Andres Bonifacio** ang lihim na lipunang kilala bilang Katipunan noong 1892 upang labanan ang mga Espanyol. Siya rin ang pangulo ng Republikang Tagalog mula 1896 hanggang 1897. Ngayon ay ipinagdiriwang natin ang Araw ni Bonifacio sa kanyang kaarawan (November 30, 1863).

Sina **GOMBURZA (Padre Mariano Gomez [1799 – 1872], Jose Burgos [1837 – 1872], at Jacinto Zamora [1835 – 1872]** ay tatlong intelektwal na nagsulong ng mga reporma. Inakusahan sila ng pagsisimula ng himagsikan sa Cavite at pinatay sa garote noong 1872 sa Bagumbayan (ngayon ay Luneta), Maynila. Ang kanilang kamatayan ay gumising sa kaisipan ng mga tao at humantong sa kanilang pag-aalsa laban sa mga Espanyol.





Si **Emilio Jacinto** ay kilala bilang "Utak ng Katipunan." Siya ang pinagkakatiwalaang kaibigan at tagapayo ni Bonifacio. Isinulat niya ang Kartilya ng Katipunan. Itinatag at pinamatnugutan din niya ang pahayagan ng Katipunan, ang Kalayaan.

Si **Graciano Lopez-Jaena** ang nagtatag at ang unang patnugot ng pahayagang *La Solidaridad*. Ang pahayagang ito ay nagbunyag sa mga pang-aabuso ng kapangyarihan ng mga Espanyol. Kasama sina Jose Rizal at Marcelo H. del Pilar, sinimulan ni Graciano ang pagpapalaganap ng kampanya laban sa mga Espanyol sa Pilipinas.






Si **Lapulapu** ay dating pinuno ng Mactan. Pinamunuan niya ang kauna-unahang matagumpay na paggamit ng armas ng mga Pilipino laban sa Espanya. Nakalaban at napatay niya si Magellan sa isang labanan sa Mactan noong 1521.

Si **Apolinario Mabini** ay kilala bilang "Dakilang Lumpo" at "Utak ng Rebolusyon." Siya ay naging bahagi ng **La Liga Filipina** at ng rebolusyonaryong pamahalaan ni Aguinaldo mula 1898 hanggang 1899.





Si **Heneral Gregorio del Pilar** ay mas kilala bilang "Bayani ng Pasong Tirad." Isa siya sa pinakabata at pinakamatapang na heneral ng Pilipinas. Namatay siya habang hinahayaang makatakas si Aguinaldo mula sa mga Amerikano sa Labanan sa Pasong Tirad.



Si **Dr. Jose P. Rizal** ang ating pambansang bayani. Siya ay nakilala sa kanyang mga nobelang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo.* Nag-ambag siya ng iba't ibang gawang panitikan sa *La Solidaridad.* Siya ay inaresto at binaril ng mga sundalong Kastila noong Disyembre 30, 1896 sa Bagumbayan, Maynila. Ang pagbitay sa kanya ay humantong sa madugong rebolusyon laban sa Espanya.



Pinamunuan ni **Diego Silang** ang pinakamahabang himagsikan sa kasaysayan ng Pilipinas, ang Himagsikang Ilokano.



Si **Trinidad Tecson** ay kilala bilang "Ina ng Biak-na-Bato." Siya ang kauna-unahang babae na lumahok sa sanduguan ng Katipunan. Matapang siyang lumaban sa 12 madugong labanan ng rebolusyon sa Bulacan, kasama ang Labanan sa Biak-na-Bato. Sa kalaunan ay nakilala siya bilang "Ina ng Philippine Red Cross."



## Subukan Natin Ito

Itambal ang hanay **A** sa hanay **B.** Maglagay ng guhit mula sa pangalan ng bayani hanggang sa kanyang titulo.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| Melchora Aquino | Dakilang Lumpo/Utak ng Rebolusyon |
| Emilio Jacinto | Bayani ng Pasong Tirad |
| Apolinario Mabini | Dakilang Babae ng Rebolusyon/Ina ng Balintawak |
| Gregorio del Pilar | Utak ng Katipunan |
| | Tagapagtatag ng Katipunan |


Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 36. Nakuha mo ba ang lahat ng tamang sagot? Kung gayon, napakahusay. Ibig sabihin ay marami kang natutuhan. Kung hindi, subukan mong basahin itong muli bago ka magtungo sa susunod na gawain.

## Basahin Natin Ito


Basahin ang sumusunod na komik istrip habang nakikinig sa kasamang *tape*. Bibigyan ka ng mga ito ng higit na impormasyon tungkol kay Jose Rizal bilang isang bata.


### Si Jose Rizal Bilang Isang Bata

Ang batang si Jose Rizal ay labis na kakaiba sa ibang mga bata. Sa napakamurang edad, nagpamalas na siya ng kakaibang katalinuhan. Nakapagbibigay na siya ng mapanuring  opinyon tungkol sa mga bagay na nakapalibot sa kanya.






Kailan ko maisusulat ang buo kong pangalan, Nanay?
Kapag ikaw ay pumapasok na sa paaralan, Pepe.
Matututuhan ko bang isulat ang aking pangalan kahit hindi pa ako pumapasok sa eskwelahan?
Oo, makakaya mo. Maaari kitang turuan kung nais mo talagang matuto , Pepe.
Opo, Nanay! Turuan mo po akong isulat ang aking pangalan.
Ano ang ginagawa mo sa silid na ito, Teodora?
A-aklat . . .
B-bola . . .
K-kalabaw . .
Tinuturuan ko si Pepe na basahin ang aklat sa pagbabaybay na ito, Francisco, upang matuto siyang bumasa at sumulat.
Subalit napakabata pa ni Pepe upang pag-aralan ang aklat sa pagbabaybay na iyan. Tatlong taong gulang pa lamang siya.
Oo, pero siya ang nagpumilit na pag-aralan ang alapabeto. Napakatiyaga niyang matutong bumasa at sumulat. Hindi siya tumitigil sa pagtatanong hangga't hindi ko itinuturo sa kanya. At ang nakakamangha ay napakabilis niyang matuto!


Gabi na, Pepe. Dapat ay natutulog ka na ngayon.
Sandali na lamang po, Nanay.
Bakit ka ba natatagalan? At ano ang iyong tinititigan?
Ito pong maliit na gamu-gamong malapit sa lampara, Nanay. Tingnan po ninyo. Paikut-ikot ito sa ilaw. Ayaw ng gamu-gamong lumayo mula sa ilaw.
Pumarito ka at may sasabihin akong kwento tungkol sa isang gamu-gamo. Gusto mo ba iyong marinig, Pepe?
Opo, Nanay! Gusto ko pong marinig ang kwentong iyon.
Minsan, mayroong batang gamu-gamo na mahilig maglaro at madalas maglibot sa paligid. Sinubukan niya ang lahat upang maging abala kahit na madalas siyang paalalahanan ng kanyang ina na huwag lalayo sa kanya.


May mga bagay sa paligid mo na maaaring hindi mo pa naiintindihan. Paano kung bigla kang mangailangan ng tulong subalit masyado kang malayo? Paano kita matutulungan kung hindi kita maabot?
Huwag kang mag-alala sa akin, Nanay. Kaya kong pangalagaan ang aking sarili.
Mayabang ang maliit na gamu-gamo. Sapagkat siya ay bata pa, akala niya ay alam niyang lahat. Minsan, nakita siya ng kanyang ina na naaakit sa isang lampara…
O, anong ganda ng ilaw! Katulad ito ng ginto… at nagbibigay ito ng init sa malamig na gabi.
Kaygandang pagmasdan ng ilaw ng lampara, hindi ba? Subalit hindi ito laruan. Kung hindi ka maingat at lalapit ka sa apoy, hindi lamang magiging mainit ang iyong pakiramdam kundi masusunog ka rin!
Huwag kang mag-alala, Nanay. Magtiwala ka sa akin. Hindi ako magkakaproblema sa apoy.


Subalit ipinagwalang-bahala ng maliit na gamu-gamo ang paalala ng kanyang ina. Patuloy pa rin siya sa paglipad sa paligid ng ilaw ng lampara.
Lumipad siya habang papalapit nang papalapit hanggang maramdaman niya ang init. Masyado siyang nalibang sa paglalaro nang mahuli ng apoy ang kanyang mga pakpak. Sumigaw ang maliit na gamu-gamo.
Nanay! Nanay! Iligtas mo po ako mula sa apoy!
Subalit huli na...
Kinain na ng apoy ang maliit na gamu-gamo.
Kawawa naman!


Ano ang natutuhan mo?
Mayroon ka bang napulot na aral mula sa kwento?
Opo, Nanay.
Masama ang pagyayabang. Dapat ay nakikinig ang mga bata sa mga payo ng mga nakatatanda lalo na ng kanilang mga magulang.
Tama ka! Yaong mga hindi nakikinig sa mga nakatatanda ay nasusuot sa problema.
Nang sumunod na araw, lumapit si Paciano kay Concepcion…
Nakita mo ba si Pepe?
Nakita ko siya sa likuran. Nakikipaglaro siya sa mga anak ng ating mga katulong.
Bakit lagi siyang nakikipaglaro sa mga anak ng ating mga katulong?
Ayon kay Pepe, ang isang tao ay hindi dapat sinusukat sa pamamagitan ng kayamanan. Sabi niya, sa mata ng Diyos, lahat ng tao ay pantay-pantay.


Si Pepe ay mayroong mga naiibang ideya. Kung maririnig ng ibang tao ang kanyang mga komento, siguradong hindi nila siya magugustuhan. Maaaring isipin pa nila na siya ay mapanghimagsik, sa kabila ng kanyang gulang.
Maghintay ka ng ilan pang taon at makikita natin kung hanggang saan siya dadalhin ng kanyang mga ideya.
Makalipas ang ilang araw, pumunta si Pepe at ang kanyang pamilya sa Ilog Pasig.
Ito ang unang pagkakataon na tatawid ako sa Ilog Pasig.
Hawakan mo ang aking kamay, Pepe. Mag-ingat ka. Baka mahulog ka sa tubig.
Hindi po, mauna na po kayo, Nanay. Susunod po kami ni Pepe sa inyo.


Gumagalaw ang bangka.
Huwag kang mag-alala, hawak ko ang iyong kamay. Hindi ko hahayaang may masamang mangyari sa iyo.
Ay, naku!
Anong nangyari?
Nahulog ang kabiyak ng tsinelas ni Pepe sa tubig.
Hayaan mo na… Bibilhan na lamang kita ng bagong pares ng tsinelas kapag dumaong sa kabilang pampang ang bangka. Mayroon akong alam na tindahan kung saan maaaring bumili ng tsinelas.
Ano iyon?


Inihulog ni Pepe ang isa pa niyang tsinelas sa tubig, Nanay!
Naisip ko na mas mabuti pa kung parehong tatangayin ng agos ang aking tsinelas. Sa gayon, maaari pa itong magamit ng taong makapupulot nito.
Mayroon kang punto, Pepe.
Minsan, nang si Pepe ay siyam na taong gulang na…
Naituro ko na sa iyo ang lahat ng aking nalalaman. Napagpasiyahan namin ng iyong ama na ipadala ka sa isang eskwelahan sa Biñan. Susubaybayan ni Justiniano Aquino Cruz ang iyong pag-aaral.
Siya ba ang magiging guro ko, Nanay?
Oo, Pepe. Sigurado akong marami kang matututuhan mula sa kanya sapagkat napakatalino niya.




Mula sa komik istrip na iyong binasa, maaaring nakakuha ka ng ideya kung anu-ano ang mga kahanga-hangang katangiang dapat taglayin ng mga bayani sa hinaharap.



## Subukan Natin Ito

Hanapin ang mga salita sa ibaba sa *word puzzle* na kasunod nito.

| | | |
|---|---|---|
| mapagpakumbaba | matalino | masunurin |
| masigasig | may prinsipyo | magalang |

| | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | B | C | D | E | M | A | G | A | L | A | N | G | U | L | F |
| H | I | J | K | L | M | N | O | P | Q | N | R | S | T | U | G |
| F | N | O | P | Q | R | S | T | U | E | V | W | X | Y | V | M |
| F | M | N | O | P | Q | R | S | T | T | U | V | W | X | Y | A |
| A | M | Q | R | S | T | U | S | V | W | X | Y | Z | Z | O | S |
| M | A | T | A | L | I | N | O | E | N | T | Z | A | A | B | I |
| R | L | P | G | H | S | I | E | J | K | A | C | B | B | E | P |
| M | A | P | A | G | K | U | M | B | A | B | A | C | C | D | A |
| F | J | N | E | L | I | H | E | G | F | E | R | D | D | I | G |
| E | I | P | M | A | Y | P | R | I | N | S | I | P | Y | O | D |
| D | H | M | L | K | J | M | O | I | H | G | O | F | E | N | N |
| C | G | F | E | D | C | B | U | A | Z | Y | U | X | W | T | O |
| R | A | Z | Y | X | W | V | M | A | S | U | N | U | R | I | N |

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 37.

Ang mga salitang ipinahahanap sa iyo sa *puzzle* ay ilan lamang sa mga katangian ng mga nagiging bayani tulad ng batang si Jose Rizal. Kung gusto mong maging bayaning tulad niya, dapat mong sundin ang kanyang halimbawa.

## Isulat Natin Ito

Sino sa mga bayani na nabanggit sa *Alamin Natin* ang pinakahinahangaan mo?

Sumulat ng maikling kwento o anekdota tungkol sa pinakahinahangaan mong bayani sa puwang sa ibaba.

Ihambing ang iyong sinulat sa simpleng sanaysay na nasa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 37. Kung hindi ka siguradong tama sa iyong ginawa, maaari mong kausapin ang iyong *Instructional Manager* upang tingnan ang iyong gawa.

## Tandaan Natin

- Ang mga sumusunod ang mga pinakakilalang bayaning Pilipino.

  1. Heneral Emilio Aguinaldo—ipinahayag ang kasarinlan ng Pilipinas noong Hunyo 12, 1898.
  2. Benigno Aquino, Jr.—lumaban sa diktadurya at pang-aabuso ng kapangyarihan ng rehimeng Marcos.
  3. Melchora Aquino—kilala rin bilang “Tandang Sora.” Tinulungan niya ang mga Katipunero sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng pagkain, masisilungan at iba pang materyal na bagay.
  4. Andres Bonifacio—ang Tagapagtatag ng Katipunan na siyang lumaban sa mga Kastila.
  5. Jose Burgos—isa sa tatlong paring pinaghinalaang namuno sa Himagsikan sa Cavite (miyembro ng GOMBURZA). Sila ay binitay ng mga Kastila. Ang kanilang kamatayan ay humantong sa pagkamulat ng kaisipan at pag-aalsa laban sa mga Kastila.
  6. Lapulapu—pinuno ng Mactan na nanguna sa unang pakikipaglaban sa Espanya at nakapatay kay Ferdinand Magellan.
  7. Apolinario Mabini—kilala rin bilang “Dakilang Lumpo” at “Utak ng Rebolusyon.”
  8. Mariano Gomez—isa pang miyembro ng GOMBURZA.
  9. Emilio Jacinto—kilala rin bilang “Utak ng Katipunan.” Isinulat niya ang Kartilya at itinatag at pinamatnugutan ang Kalayaan, ang pahayagan ng Katipunan.
  10. Graciano Lopez-Jaena—kasama ni Rizal sa pagtatatag ng Kilusang Propagandista.

11. Gregorio del Pilar—kilala rin bilang “Bayani ng Pasong Tirad.” Namatay siya habang nakikipaglaban sa mga Amerikano.

12. Jose Rizal—ang pambansang bayani ng Pilipinas. Sumulat siya ng mga akdang pampanitikan at nangampanya laban sa mga mapang-abusong Kastila.

13. Diego Silang—namuno sa pinakamahabang himagsikan sa kasaysayan ng Pilipinas.

14. Trinidad Tecson—ang kauna-unahang babae na lumahok sa sanduguan ng Katipunan.

15. Jacinto Zamora—ang pangatlong miyembro ng GOMBURZA.

♦ Ang mga bayani sa hinaharap ay dapat magtaglay ng mga sumusunod na katangian:

- kagustuhang matuto
- pagiging makatarungan
- pagiging mapagbigay
- kababaang-loob
- katalinuhan
- pagkamasunurin
- pagkamasigasig
- pagkakaroon ng prinsipyo
- pagiging magalang

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Tingnan ang mga sumusunod na larawan. Tukuyin kung sino ang nasa bawat larawan. Isulat ang kanyang pangalan sa unang patlang. Pagkatapos, sumulat ng isang pangungusap tungkol sa pinakamahalaga niyang naiambag o nakamit. Ang una ay ginawa upang gabayan ka.

1. 

Benigno Aquino, Jr.

Nilabanan niya ang diktadurya at pang-aabuso ng kapangyarihan ng rehimeng Marcos.


2. 

______________________________

_____________________________________________

_____________________________________________

_____________________________________________

3. 

______________________________

_____________________________________________

_____________________________________________

_____________________________________________

4. 

______________________________

_____________________________________________

_____________________________________________

_____________________________________________

5. 

______________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

6. 

______________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________


7. 

_____________________________

___________________________________________

___________________________________________

___________________________________________

8. 

____________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

9. 

____________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________


10. 

____________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________


11. 

____________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

12.  ___________________________
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________

13.  __________________________
__________________________________________
__________________________________________
__________________________________________

Tingnan kung tama ang iyong mga sagot. Sumangguni sa talakayan sa pahina 4 hanggang 6. Nakuha mo ba ang lahat ng tamang sagot? Kung gayon, napakahusay. Kung hindi, huwag mag-alala. Magbalik-aral ka na lamang sa mga bahagi ng aralin na hindi mo gaanong naunawaan bago ka magtungo sa Aralin 2.

## ARALIN 2

# Maging Bayani Ka Ngayon!

Sa Aralin 1, nakilala mo ang ilan sa mga pinakatanyag nating mga bayani. Natutuhan mo rin kung anu-ano ang kanilang mga katangian at nagawa para sa ating bansa upang maging bayani. Sa araling ito, matututuhan mo kung paano maging bayaning katulad nila.

## Umawit Tayo

Awitin nang wasto ang pambansang awit.

### Lupang Hinirang

Julian Felipe at Jose Palma

Bayang magiliw
Perlas ng silanganan
Alab ng puso
Sa dibdib mo'y buhay.


Lupang hinirang
Duyan ka ng magiting
Sa manlulupig
Di ka pasisiil.

Sa dagat at bundok
Sa simoy at sa langit mong bughaw
May dilag ang tula
At awit sa paglayang minamahal.

Ang kislap ng watawat mo'y
Tagumpay na nagniningning
Ang bituin at araw niya'y
Kailan pa ma'y di magdidilim.

Lupa ng araw, ng luwalhati't pagsinta
Buhay ay langit sa piling mo
Aming ligaya na pag may mang-aapi
Ang mamatay ng dahil sa iyo.

Ang pag-awit ng Lupang Hinirang nang buong puso at may paggalang ay isang paraan ng pagpaparangal sa ating bansa. Ipinakikita nito kung gaano natin kamahal ang Pilipinas.



## Alamin Natin

Hindi kailangang mamatay ka muna upang maging isang bayani. Habang iniibig mo ang iyong bansa at mga kababayan nang buong puso, maaari ka nang maging bayani. Hindi kailangan na maging kasin-talino mo si Jose Rizal o kasin-tapang si Bonifacio upang maging bayani. Kailangan lamang ay maging mabuting mamamayan ka. Kung sinusunod mo ang mga batas nang walang hinihintay na kapalit, maaari ka nang ituring na bayani.



## Pag-isipan Natin Ito

Sagutin nang maikli ang mga sumusunod na katanungan.

1. Anu-ano ang maaari mong gawin upang pagsilbihan ang iyong pamayanan o ang ating bansa?

   ____________________

   ____________________

   ____________________

2. Anu-ano sa mga katangian mo ang kahalintulad ng katangian ng ating mga pambansang bayani?

   ____________________

   ____________________

   ____________________

3. Sinu-sino ang maituturing mong bayani sa kasalukuyang panahon sa iyong pamayanan o sa ating bansa? Bakit?

   ____________________

   ____________________

   ____________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga halimbawang sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 38. Nakuha mo ba ang mga katulad na sagot? Kung hindi ka tiyak kung tama ang iyong mga sagot, ipakita mo na lamang ang iyong gawa sa iyong *Instructional Manager*.

## Basahin Natin Ito

Ang isa pang paraan ng pagpapakita ng paggalang sa ating bansa ay ang pagbigkas ng *Panatang Makabayan* nang buong puso. Alam mo bang bigkasin ang Panatang Makabayan? Kung alam mo, napakahusay.

Kung hindi, basahin at isaulo mo ito upang maipakita mo kung gaano mo kamahal ang ating bansa. Tiyaking itaas ang iyong kanang kamay at tumayo nang tuwid sa pagbikas nito.

### Panatang Makabayan

Iniibig ko ang Pilipinas.
Ito ang aking lupang sinilangan.
Ito ang tahanan ng aking lahi.
Ako'y kanyang kinukupkop at tinutulungan
upang maging malakas, maligaya at kapaki-pakinabang.
Bilang ganti, diringgin ko ang payo ng aking mga magulang.
Susundin ko ang mga tuntunin ng aking paaralan.
Tutuparin ko ang mga tungkulin ng isang mamamayang makabayan at masunurin sa batas.
Paglilingkuran ko ang aking bayan nang walang pag-iimbot at ng buong katapatan.
Sisikapin kong maging isang tunay na Pilipino sa isip, sa salita at sa gawa.



## Magbalik-aral Tayo

Punan ang mga patlang sa ibaba nang hindi tumitingin sa kopya ng Panatang Makabayan. Ang gawaing ito ay makatutulong upang maisaulo mo ito nang mas mabilis.

### Panatang Makabayan

_________ ko ang __________

Ito ang aking lupang _________

Ito ang _________ ng aking _________.

Ako'y kanyang __________ at __________

upang maging _________, _________ at _________.

Bilang ganti, _________ ko ang _________ ng aking mga _________.

_________ ko ang mga _________ ng aking _________.

_________ ko ang mga _________ ng isang mamamayang _________ at masunurin sa batas.

Paglilingkuran ko ang aking _________ nang walang _________ at buong _________.

_________ kong maging isang tunay na Pilipino sa _______, sa _______ at sa ________.

Ihambing ang nabuo mong pangako sa kopya sa naunang pahina. Nagawa mo bang ibigay nang tama ang mga nawawalang salita? Kung gayon, napakahusay. Nangangahulugan ito na matalas ang memorya mo. Kung hindi, huwag kang mag-alala. Sagutan mo na lamang nang paulit-ulit ang gawain hanggang makuha mo ang lahat ng tamang sagot at mabigkas mo ito nang mula sa puso.

## Tandaan Natin

- Maipakikita mo ang pagmamahal sa bansa sa pamamagitan ng pagsunod sa lahat ng batas nito.
- Maipakikita mo rin ang paggalang sa ating bansa sa pamamagitan ng pag-awit ng Lupang Hinirang at pagbigkas ng Panatang Makabayan nang buong puso at isip.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

______1. Ang Lupang Hinirang ay isinulat nina __________.

a. Francisco Santiago

b. Jose Palma

c. Jose Rizal

d. Andres Bonifacio

______ 2. Ang mga sumusunod ay mga paraan ng pagpapakita ng pagmamahal sa bansa maliban sa _________.

a. pagtayo nang tuwid habang umaawit ng pambansang awit

b. paglalagay ng kanang kamay sa kaliwang dibdib sa tuwing aawitin ang pambansang awit

c. pakikipag-usap sa kaibigan habang inaawit ang Lupang Hinirang

d. pagtataas ng kanang kamay habang binibigkas ang Panatang Makabayan

______ 3. Dapat maging isang tunay na Pilipino sa _________, sa __________ at sa __________.

a. isip, salita, gawa

b. isip, trabaho, gawa

c. isip, salita, ginawa

d. itinuro, salita, gawa

______ 4. Dapat itaas ang __________ kamay kapag binibigkas ang Panatang Makabayan.

a. kaliwang


b. kanang

c. parehong

d. wala sa nabanggit

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 38. Nakuha mo ba nang tama ang lahat ng sagot? Kung gayon, napakahusay. Kung hindi, basahing muli ang aralin bago magtungo sa susunod na bahagi ng modyul.

Ito na ang katapusan ng modyul na ito. Binabati kita at natapos mo ito! Mayroon ka bang natutuhang kapaki-pakinabang mula dito? Ang sumusunod ay ang buod ng mga mahahalagang punto nito. Basahin mo ito upang higit mo itong matandaan.



## Ibuod Natin

Isinasaad sa modyul na ito na:

- Ang mga sumusunod ang ilan sa pinakilalang pambansang bayani: Emilio Aguinaldo, Benigno Aquino, Jr., Melchora Aquino, Andres Bonifacio, Jose Burgos, Mariano Gomez, Emilio Jacinto, Graciano Lopez-Jaena, Lapulapu, Apolinario Mabini, Gregorio del Pilar, Jose Rizal, Diego Silang, Trinidad Tecson at Jacinto Zamora.

- Ang mga bayani sa hinaharap ay kailangang may kagustuhang matuto, makatarungan, mapagbigay, mapagpakumbaba, matalino, masunurin, masigasig, may prinsipyo, magalang at iba pa.


- Maipakikita natin ang pagmamahal sa bansa sa pamamagitan ng pagsunod sa lahat ng mga batas nito.

- Maipakikita rin natin ang paggalang sa ating bansa sa pamamagitan ng pag-awit ng Lupang Hinirang at pagbigkas ng Panatang Makabayan nang buong puso at isip.



## Anu-ano ang Iyong mga Natutuhan?

Kumpletuhin ang palaisipan sa ibaba gamit ang mga ibinigay na palatandaan.




**Pahalang**

1. Gregorio _ _ _ _ _ _ _ _ _
   kilala bilang "Bayani ng Pasong Tirad"

5. Jose _ _ _ _ _ _ _
   Ang pangalawang miyembro ng GOMBURZA

8. Jacinto _ _ _ _ _ _ _
   Ang pangatlong miyembro ng GOMBURZA

10. Diego _ _ _ _ _ _ _
    Ang pinuno ng pinakamahabang pag-aalsa sa Pilipinas

12. Trinidad _ _ _ _ _ _ _
    Ang kauna-unahang Katipunera na sumali sa sanduguan

14. _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ Aquino
    kilala bilang "Tandang Sora"

15. Graciano _ _ _ _ _-_ _ _ _ _
    kasama ni Rizal sa pagtatatag ng Kilusang Propagandista

**Pababa**

2. _ _ _ _ _ _ _ _ _
   nakapatay kay Magellan sa Labanan sa Mactan

3. Jose _ _ _ _ _
   Ang ating pambansang bayani

4. Mariano _ _ _ _ _
   Isa sa mga kasapi ng GOMBURZA

6. Andres _ _ _ _ _ _ _ _ _ _
   Ang nagtatag ng Katipunan

7. Apolinario _ _ _ _ _ _ _
   Kilala bilang "Dakilang Lumpo" at "Utak ng Rebolusyon"

9. Emilio _ _ _ _ _ _ _ _ _ _
   Ang kauna-unahang pangulo ng Pilipinas

11. _ _ _ _ _ _ _ _ Aquino, Jr.
    pinaslang sa Manila International Airport noong 1983

13. Emilio _ _ _ _ _ _ _ _
    Kilala bilang "Utak ng Katipunan"

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 39. Kung tama ang lahat ng iyong sagot, binabati kita! Nangangahulugan ito na marami kang natutuhan sa modyul na ito. Maaari ka nang pumili ng bagong modyul upang iyong pag-aralan. Kung hindi mo nakuha ang lahat ng tamang sagot, huwag kang mag-alala. Basahin mo lamang ang mga bahagi ng modyul na hindi mo lubos na naunawaan bago mo pag-aralan ang iba.

## Batayan sa Pagwawasto

### A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? *(pahina 2–3)*

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | b | 8. | k |
| 2. | d | 9. | i |
| 3. | f | 10. | g |
| 4. | h | 11. | e |
| 5. | j | 12. | c |
| 6. | l | 13. | a |
| 7. | m | | |

### B. Aralin 1

*Subukan Natin Ito (pahina 7)*

| | |
|---|---|
| Melchora Aquino | Dakilang Lumpo/Utak ng Rebolusyon |
| Emilio Jacinto | Bayani ng Pasong Tirad |
| Apolinario Mabini | Dakilang Babae ng Rebolusyon/Ina ng Balintawak |
| Gregorio del Pilar | Utak ng Katipunan |
| | Tagapagtatag ng Katipunan |

*Subukan Natin Ito (pp. 17–18)*

| | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | B | C | D | E | M | A | G | A | L | A | N | G | U | L | F |
| H | I | J | K | L | M | N | O | P | Q | N | R | S | T | U | G |
| F | N | O | P | Q | R | S | T | U | E | V | W | X | Y | V | M |
| F | M | N | O | P | Q | R | S | T | T | U | V | W | X | Y | A |
| A | M | Q | R | S | T | U | S | V | W | X | Y | Z | Z | O | S |
| M | A | T | A | L | I | N | O | E | N | T | Z | A | A | B | I |
| R | L | P | G | H | S | I | E | J | K | A | C | B | B | E | P |
| M | A | P | A | G | K | U | M | B | A | B | A | C | C | D | A |
| F | J | N | E | L | I | H | E | G | F | E | R | D | D | I | G |
| E | I | P | M | A | Y | P | R | I | N | S | I | P | Y | O | D |
| D | H | M | L | K | J | M | O | I | H | G | O | F | E | N | N |
| C | G | F | E | D | C | B | U | A | Z | Y | U | X | W | T | O |
| R | A | Z | Y | X | W | V | M | A | S | U | N | U | R | I | N |

*Isulat Natin Ito (pahina 19)*

Ang mga sagot sa pagsasanay ay maaaring magkakaiba. Ang nasa ibaba ay isang halimbawa o tularang sanaysay.

Ang paborito kong bayani ay si Andres Bonifacio. Siya ang panganay sa kanilang magkakapatid. Inalagaan niya ang kanyang mga kapatid nang mamatay ang kanilang ama't ina. Sa napakamurang gulang, gumawa at nagtinda siya ng mga pamaypay at baston sa harap ng Simbahan ng Barasoain upang suportahan ang kanyang pamilya.

## C. Aralin 2

*Pag-isipan Natin Ito (pahina 28)*

Ang mga sagot sa pagsasanay na ito ay maaaring magkakaiba. Ang nasa ibaba ay ilan sa mga halimbawang sagot upang gabayan ka sa pagwawasto ng iyong gawa.

1. Maaaring sundin ko ang lahat ng mga tuntunin at regulasyon sa aking paaralan. Maaari ding sundin ko ang aking mga magulang. Kung gagawin ko ang maliliit na bagay tulad ng mga ito, maipakikita ko ang aking pagmamahal at paggalang sa aking bansa.

2. Ako ay masunurin, magalang, at matapang katulad ng ating mga pambansang bayani.

3. Itinuturing kong mga bayani ang mga taong nagsisilbi sa ating bansa sa sarili nilang paraan. Ang mga sundalo, pulis at bumbero ay ang ilan sa mga ito. Handa silang ibigay ang lahat – maging ang kanilang buhay – upang pagsilbihan ang ibang tao at ang ating bansa.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 31–32)*


1. (**b**) Ang may likha ng himig ng Lupang Hinirang ay si Julian Felipe at ang titik nito ay sinulat ni Jose Palma. Si Francisco Santiago (a) ang sumulat ng "Pilipinas Kong Mahal." Sina Jose Rizal (c) at Andres Bonifacio (d) ay hindi manunulat ng mga awitin.

2. (**c**) Ang titik (a), (b) at (d) ay mga wastong paraan ng pagpapakita ng pagmamahal sa bansa.

3. (**a**) Ang tamang pagkakasunud-sunod ng mga salita gayundin ng tamang terminong ginamit ay hindi (b), (c) o (d).

4. (**b**) Ang kanang kamay ang laging itinataas kapag nanganagako.

## D. Anu-ano ang Iyong mga Natutuhan? *(pp. 31–32)*



## Mga Sanggunian


Filipino.com.au Pty. Ltd. (2000) *Philippine National Heroes*. <http:www.filipino.comau/categ/culture/bayani.htm.> February 19, 2001, date accessed.

*Heroes*. <http://members.aol.com/ATINYROCK/page7.htm.> February 19, 2001, date accessed.

*The Internet 1996 World Exposition: A World's Fair for the Information Age*. <http://park.org/Philippines/centennial/heroes01.htm.> February 19, 2001, date accessed.

*The Philippine National Heroes*. <http://park.org/Philippines/centennial/herolist.htm.> February 19, 2001, date accessed.